Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Hunyo 30, 2026
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon sa Komunidad ng East Oakland, natanggap ang huling pag-apruba ng estado

Naglalahad ang planong pinangungunahan ng komunidad ng dose-dosenang estratehiya para mabawasan ang lokal na polusyon sa hangin at itaguyod ang katarungang pangkapaligiran

SAN FRANCISCO – Ang *Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon sa Komunidad ng East Oakland*, na tinatawag ding *Karapatang Huminga: Ang Plano para sa Katarungan sa Kalidad ng Hangin ng Komunidad ng East Oakland*, ay nakatanggap ng huling pag-apruba mula sa Lupon para sa Mga Resource sa Hangin ng California, na nagmamarka ng isang pangunahing tagumpay sa gawain ng Distrito ng Hangin ng Bay Area kasama ang mga residente ng East Oakland para mabawasan ang lokal na polusyon sa hangin at itaguyod ang katarungang pangkapaligiran. Ang Distrito ng Hangin at ang Communities for a Better Environment ay magkasamang nanguna sa isang proseso kasama ang Komite sa Pamamahala ng Komunidad para gawin ang plano.

Nagpapakita ang *Karapatang Huminga* ng serye ng 32 estratehiya at 105 aksyon na ipatutupad sa susunod na limang taon. Inaprubahan ng Komite sa Pamamahala ng Komunidad ng East Oakland ang draft na plano noong Pebrero 2026, at pinagtibay ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin ang plano noong Abril 2026.

“Ang mga residente ng East Oakland ay matagal nang namumuhay nang may hindi makatarungang pasanin sa polusyon sa hangin,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang *Karapatang Huminga* ay nagbibigay sa Distrito ng Hangin at sa aming mga kasosyo ng isang malinaw na partikular na hakbang na pinangungunahan ng komunidad para mapabuti ang kalusugan ng publiko at itaguyod ang katarungang pangkapaligiran sa susunod na limang taon.”

“Ang planong ito ay matibay na halimbawa ng kung paano naisip ang programa sa proteksyon ng hangin ng komunidad – kasama ang mga residente may kakayahan sa pagbuo ng mga solusyon sa nakakapinsalang polusyon na kanilang nilalanghap araw-araw,” sabi ng Tagapangulo ng Lupon para sa Mga Resource sa Hangin ng California na si Lauren Sanchez. “Ipinapakita nito ang epekto ng mga aksyon na pinangunahan ng komunidad at malalakas na

lokal na pakikipagtulungan para makapaghatid ng mas malinis na hangin at mapabuti ang kalusugan ng publiko, kung saan ito pinaka kailangan.”

"Ang mga residente ng East Oakland ay nakakaranas ng matinding kahihinatnan sa kalusugan ng kapaligiran dahil sa mga paggawa ng sistematikong kakulangan sa pondo, redlining at hindi makatarungang pagkakalantad sa polusyon,” sabi ni Adele Watts, ang co-director ng programa sa Northern California ng CBE. “Ang planong ito ay nagbibigay sa East Oakland ng pagkakataon na itaguyod ang mga solusyon ng komunidad para mapabuti ang lokal na kalidad ng hangin, at umaasa kaming ipatupad ito kasama ang Distrito ng Hangin ng Komite sa Pamamahala ng Komunidad ng East Oakland."

"Ngayon ay mahalagang araw para sa East Oakland at para sa mga residente na tumulong sa pagbuo ng planong ito," sabi ni Lynda Hopkins, ang tagapangulo ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin at miyembro ng Lupon ng Lupon para sa Mga Resource sa Hangin ng California. "Sa *Karapatang Huminga,* inilalagay ang mga miyembro sa sentro ng pagpapabuti ng mga kondisyon sa mga sarili nilang komunidad. Ang plano ay sumasalamin sa mga taon ng input ng komunidad at nagtatatag ng plano para sa pagbabawas ng mga emisyon at pagpapabuti ng mga kondisyon sa kapaligiran sa East Oakland.”

Inaasahang ang pagpapatupad ng matagumpay na planong ito ay magdudulot ng mga makabuluhang pagpapabuti sa kalusugan ng publiko at kalidad ng buhay sa East Oakland. Binuo sa ilalim ng balangkas ng Panukalang-batas ng Asembleya 617, ang plano ay nakatuon sa limang pangunahing prayoridad na tinukoy ng komunidad: pagbabawas ng mga emisyon mula sa mga komersyal at pang-industriya na pinagmumulan, pagbabawas ng polusyon mula sa transportasyon at polusyon mula sa mobile source na malapit sa mga pangunahing transit corridor, pagtugon sa ilegal na pagtatapon at amoy, pagpapalawak ng urban greening, at pagpapalakas ng kagalingan ng komunidad.

Ang pakikipagtulungan ng komunidad ay mahalaga sa matagumpay na pagbuo sa *Karapatang Huminga*. Nakipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa maraming ahensya ng gobyerno, mga organisasyon ng komunidad, at mga miyembro ng komunidad para sama-samang idisenyo ang plano, na ginawang mas matatag at mas tumutugon sa mga direktang pangangailangan ng mga miyembro ng komunidad ng East Oakland.

Ang East Oakland ay lubos na naaapektuhan ng maraming hamon sa kapaligiran. Ang komunidad ay may mga pasilidad para sa waste, crematory, at mga operasyon ng industriya, habang napapaligiran ng maraming freeway, ruta ng truck, mga warehouse distribution center. Ang mga pinagmumulan na ito ay nag-ambag sa mas mataas na rate ng hika, sakit sa puso, at mas mababang average na inaasahang buhay kumpara sa mga tao sa ibang bahagi ng rehiyon.

Ang plano ay binuo bilang isang kinakailangan ng AB 617, na isang batas ng estado na ipinasa noong 2017. Kinikilala ng AB 617 na bagama't nagkaroon na ng malaking pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa California, hindi pantay ang pagkakaroon ng benepisyo sa lahat ng komunidad, at ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, industriya, o iba pang pinagmumulan ng polusyon ay nangangailangan ng karagdagang pagtuon at resource na magpapababa sa mga antas ng pagkakalantad.

Ang planong Karapatang Huminga ay matitingnan at mada-download dito.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na may responsibilidad na protektahan ang kalidad ng hangin at ang pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Kumonekta sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram, at YouTube.

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases